

1

Napasipol si Cyrus nang makita si Giselle na papasok sa gate ng university na pinapasukan nila. Ang totoo ay kanina pa niya inaabangan ang dalaga dahil Friday ngayon. Paborito niya ang araw ng Biyernes hindi dahil sa walang pasok kinabukasan kundi dahil makikita niya ang magagandang legs ng dalaga. Kapag ibang araw ay palagi itong nakasuot ng jeans at shirt, kumbaga tuwing ganoong araw lang nagpapaganda nang husto ang kababata niya.

Iyon ay dahil sa uuwi si William, ang kababata nila at pinsan niya mula sa university na pinapasukan nito sa Maynila. Nai-i-imagine na niya kung gaano ang anticipation na nararamdaman ni Giselle lalo na at dalawang linggo nitong hindi nakita ang crush nito.

Iyon ang isang bagay na kailanman ay hindi maamin-amin ng babae. Kumbaga kahit na buking na buking na niya ito ay kuntodo pa rin ang pagde-deny nito sa nararamdaman para sa pinsan niya. Hindi tuloy niya malaman kung maiinis o maaawa siya rito. Hindi ba nito nare-realize na dahil sa closeness nito at ng pinsan niya ay mas malaki ang chance na may feelings din ang lalaki kay Giselle? All she had to do

was be true to herself and admit that she was in love with William. Ano naman ang mahirap doon?

Alam niyang napansin na rin nito ang presence niya dahil sumimangot ang babae. Hindi siya sigurado kung dapat siyang mainsulto dahil kung ang pinsan niya marahil ang kaharap nito ay malamang na hanggang tainga ang ngiti nito. Sanay na siya sa ganoong pagtrato sa kanya ni Giselle. Kahit na ano ang gawin niya ay sadyang inis ito sa kanya. That's why he was trying to live up to her expectations. Sabi nga ng kababata sa kanya ay siya ang panira at kontrabida sa lahat ng diskarte nito. Marahil nga ay ganoon siya, dahil hanggang ngayon ay mainit ang dugo ng babae sa kanya.

Nilapitan ni Cyrus si Giselle at napansin niya na nakataas kaagad ang depensa ng babae. Bakit ba kapag nilalapitan niya ito ay daig pa nito ang sasabak sa giyera? Kailangan ba talagang pagdudahan nito ang lahat ng gagawin niya? Napailing siya sa naisip.

“Bakit?” mataray na sabi nito bago pa niya maibuka ang kanyang bibig.

“Ang aga-aga’y ang sungit mo. Mayroon ka ba?” pambubuwisit niya na lalo nitong ikinainis.

Inihampas nito sa kanya ang dala nitong mga

libro. Sanay na rin siya sa pagiging bayolente nito pagdating sa kanya. Sa katunayan, para sa kanya ay lambingan na lang nila iyon. Kulang ang araw niya kapag hindi niya nabuwisit si Giselle.

“Lumayo-layo ka sa akin, hinayupak ka, kung bubuwisit mo lang ako at baka hindi ko matantya ang sarili ko!” Inis na iniwan siya nito. Kaagad niya itong hinabol at sinabayan sa paglalakad.

“Parang may iba sa ’yo ngayon.” Sinipat-sipat niya ang nakalitaw na legs nito at mukhang na-conscious naman ang dalaga dahil hinila nito ang maiksing palda pababa. Lalo tuloy siyang ginanahan na pagtripan ito. “Ah, oo nga pala, today is miniskirt day. Kasi, uuwi si Will.” Tumangu-tango siya na animo sarili niya ang kinakausap.

Tumigil sa paglalakad ang dalaga at hinarap siya. “Ano ang gusto mong palabasin, na nagsusuot ako ng palda dahil uuwi si Will?” Pinamaywangan siya nito, at kulang na lang ay matumba siya sa talim ng mga tinging ipinupukol ng kababata sa kanya.

“Hindi ba totoo? Hanggang ngayon may pagnanasa ka pa sa *kaibigan* mo.” Ipinagdiinan niya ang salitang kaibigan and he heard himself chuckle when she blushed.

Tumingin ito sa kalangitan at pumikit nang ilang sandali, waring nananalangin ito at humihingi ng saklolo sa lahat ng mga santo sa langit. Natigilan din siya habang pinagmamasdan ang maganda nitong mukha. Bigla itong dumilat at nagtama ang mga mata nila. Mukhang shocked ang dalaga nang makitang nakatitig siya sa mukha nito, pero napalis iyon nang muli itong magsalita.

“Kaibigan lang ang turing ko kay Will. Ikaw lamang ang malisyoso na nagsasabing may gusto ako sa kanya.” Nagpatuloy na sa paglalakad si Giselle at muli ay sinabayan niya ito.

“Kaya pala umiyak ka dahil naging sila ni Ara.” Hinding-hindi yata makakalimutan ni Cyrus ang nangyari noong high school graduation nila. Siya na nga ang nagmalasakit, siya pa ang pinagbuntunan nito ng galit. Binigyan nga siya ng regalo, nakakainsulto naman ang laman niyon. Wala talagang utang na loob.

Pero ang higit na tumatak sa kanyang isip ay ang pag-iyak nito. Nakaramdam din siya ng guilt, pero hindi niya sinasadya na makita nito sina Will at Ara na naghahalikan. Malay ba niyang nagkakamabutihan na ang dalawa.

“Hindi ko nga siya gusto! Kaya p’wede ba, tigilan

mo na ako.” Binilisan nito ang paglalakad. Hindi na niya ito sinundan pa at pinagmasdan na lamang ang papalayong pigura ng dalaga.

Denial queen talaga, halata namang may gusto ito sa pinsan niya kahit noong nasa elementary pa sila. Isang patunay ang pagiging no boyfriend since birth nito kahit pa marami ang nais manligaw rito. Hindi niya masisisi ang mga kalahi niya dahil tunay na maganda ang dalaga. Her curly hair was cut short, framing her heart-shaped face. Parang buhok iyon ng mga kerubin sa simbahan nila. Hindi ito masyadong maputi, but her skin looked so soft and flawless. Her almond-shaped eyes were her assets. the same with her lips that were like the color of a strawberry bubblegum. She was simple and nice.

Sa kanya lang yata ito inis. Na hindi niya maintindihan dahil sa pagkakaalam niya ay mabait naman siya. Ang cute din nito kapag nagagalit dahil kaagad na namumula ang mukha nito. Pero mas higit itong maganda kapag nakangiti. Tama, kapag pinagmamasdan nito si Will ay iyon ang pinakamagandang expression ni Giselle. Para sa kanya ay bulag si Will dahil hindi nito napapansin iyon.

Bigla ay naalala ni Cyrus ang pakay niya sa

dalaga. Sa sobrang pag-e-enjoy niya sa pambubuwisit dito ay nakalimutan niyang sabihin ang dahilan kaya inabangan niya ito sa gate. Tiyak na umaasa ang kababata na masisilayan ang pinsan niya. Nagkibit-balikat siya, hindi na lang niya sasabihin ang alam niya bilang ganti sa pagsusungit nito.

Napangiti si Giselle nang makita ang kinalabasan ng pagdu-doodle niya sa kanyang notebook. Hindi niya namalayan na naisulat na pala niya ang pangalan ni William habang nagde-daydream tungkol sa lalaki. Iyon na ang huling klase niya sa araw na iyon, kaya hindi na siya makapaghintay na makauwi. Kung siya lang ang masusunod ay nais niyang hilahin ang oras. Ganoon siya ka-excited na masilayan ang mukha ni Will dahil dalawang linggo rin niya itong hindi nakita.

Kung sana ay hindi siya nangako sa binata na hindi mai-in love dito kahit kailan at sisirain ang samahan nila ay malamang na higit ang kasiyahan na nararamdaman niya ngayon. She promised him that, kaso habang nangangako siya ay nababali na kaagad iyon dahil sa simula pa lang ay mahal na niya sa William.

Nang maging nobya nito noon si Ara, ang diyosa ng batch nila, ay binati pa niya ang mga ito nang

nakangiti kahit nasaktan siya sa nalaman tungkol sa mga ito.

Kapag may crushes ito at sinasabi nito ang mga iyon sa kanya ay sinusuportahan niya ito sa takot na makahalata ang binata sa tunay na estado ng puso niya. She followed him like a shadow, she was always there for him, she was his best friend, but in the end that was all she would ever be. Kaya naman hanggang ngayon ay parang nasa dead end ang love life niya.

Napalingon siya bigla nang marinig ang malakas na pagtawa ni Cyrus, ang antipatikong pinsan ni William. Kapag naaalala niya na minalas siya dahil naging kaklase niya ito sa buong semester ay talagang umiinit ang ulo niya. Kung si William ang Prince Charming niya, ang pinsan nito ang dakilang kontrabida sa buhay niya. Napakalaking hadlang nito lalo na sa mga diskarte niya sa best friend niya.

Ni hindi niya masolo ang lalaki dahil kung palagi siyang nakabuntot dito ay palagi namang nakabuntot sa kanila si Cyrus. Kung uupo sila sa isang bench, uupo ito sa gitna nila. Kung kakain sila, ito ang uubos sa pagkaing niluto niya para sa best friend niya. At ito rin ang tahasang nagsasabi na gusto niya ang pinsan nito at may motibo siya sa pakikipagkaibigan dito. Kinorner pa nga siya nito isang araw at pilit na

pinaaamin. Siyempre nag-deny siya, takot lang niya na malaman ni William ang totoong feelings niya.

Nagtama ang mga mata nila, isang makahulugang ngiti ang sumilay sa mga labi ni Cyrus. Kinabahan siya, kilala niya ang ngiting iyon. Sigurado siyang may binabalak na naman itong kalokohan laban sa kanya. Inirapan niya ang lalaki at muling binuklat-buklat ang kanyang notebook. Kung anuman ang balak ng hinayupak na lalaking ito ay handa siyang harapin iyon. Ang dapat niyang pagtuunan ng pansin ay ang nalalapit na pagkikita nila ni William.

Kung si Giselle ang tatanungin ay nais na niyang umuwi nang mga sandaling iyon. Nang sabihin ni William sa kanya na may sorpresa raw ito sa kanya ay ibang uri ng surprise ang iniisip niya.

Kaya nang magpunta siya sa bahay ng kaibigan pagkatapos ng klase niya, masakit na masakit ang loob niya, lalo pa at nakikita niya ang sweetness nito at ni Ara. Akalain ba niyang nagkabalikan ang dalawa. Ang pagkakaalam kasi niya ay halos five months nang hiwalay ang mga ito. Kaya nga nagdesisyon na siyang magpapansin sa best friend niya.

She started acting like a lady now—nagpapaganda na siya, nagsusuot ng miniskirt with matching heels—para lang makita nito na girlfriend material din siya.

Ang kaso ay mukhang hindi iyon effective dahil hanggang ngayon ay kaibigan pa rin ang turing ni William sa kanya.

“Akala ko nag-break na kayo?” tanong niya, hindi siya sigurado kung narinig ng mga ito ang lungkot sa kanyang tinig, pero wala na siyang pakialam. Masama talaga ang loob niya sa kababata lalo pa’t sa ikalawang pagkakataon ay ni hindi man lang nito nabanggit sa kanya ang tungkol sa nobya nito.

“Actually, yes, but I realized that I really love her kaya naman nag-usap kami to make this relationship work.” Hinawakan nito ang kamay ni Ara at nginitian ito nang matamis, sinuklian iyon ng katabi nito. Parang tatlong patalim ang tumarak sa puso niya, ang hirap talagang magpanggap!

“Ganoon ba? Well, sana this time totoo na iyan.” Dinampot niya ang baso ng juice at inisang lagok iyon. Hiningal siya pagkatapos niyang lunurin ang sarili sa inumin. “Will, una na ako sa inyo. Nakalimutan ko na may pinabibili sa akin si Mommy,” pagdadahilan niya. Mahirap na at baka hindi niya makayanan ang sakit, bumaha pa ng dugo sa pamamahay ng kaibigan. Tumayo na siya, ganoon din ang ginawa ng magkasintahan.

“Akala ko pa naman makakasama ka namin

hanggang dinner. Nagluto si Mama ng favorite mo.” Inakay siya nito patungo sa pinto.

“Next time na lang, makakagulo lang ako. Mas maganda na wala ako para naman makapag-bonding sina Tita at ang girlfriend mo.” Parang binudburan niya ng asin ang sugat sa kanyang puso. Tumango si William, lumabas na siya ng gate.

Habang naglakad pauwi si Giselle ay napansin niya ang isang pamilyar na pigura na nakatayo sa harapan ng poste ng kuryente. Nang mapansin siya nito ay kaagad itong lumapit sa kanya.

“Ano’ng ginagawa mo rito?” Nagpatuloy siya sa paglalakad, sinabayan siya ng lalaki.

“Baka kailanganin mo ng tulong papuntang ospital, sigurado akong duguan ang puso mo ngayon.”

Natigilan siya. So he was here to comfort her again just like the last time William broke her heart. Tumigil siya sa paglalakad at hinarap ito. Sigurado siyang inaasahan nito na magtataray siya dahil tila napaatras ito mula sa pagkakalapit nila.

“Alam mo, Cyrus, ang corny mo,” aniya na magkasalubong ang mga kilay. Ngunit bago pa makapagsalita ang kaharap ay nginitian na niya ito nang matamis. “But I’m glad na corny ka ngayon,

thanks.” Iyon lang at binirahan na niya ito ng takbo.

“Bakit ngayon mo lang sinabi sa akin na aalis ka?” nanlalambot na sumbat ni Giselle kay William. Nasa bahay sila nito at kumakain ng merienda nang isiwalat ng kaibigan ang masamang balita. Ibinaba niya ang baso ng juice sa takot na dumulas iyon sa kanyang kamay.

“Naikuwento ko na sa ’yo ang tungkol sa scholarship sa US na in-apply-an ko, hindi ba? I just received an acceptance letter from them. This is a once in a lifetime opportunity, Giselle, at hindi ko kayang palampasin ’to,” determinadong sabi nito habang nakatitig sa mga mata niya.

Hindi siya nakahuma sa narinig. Bilang kaibigan ay mas dapat na suportahan niya ang pangarap nito. Ang kaso ay malalayo ito sa kanya ng napakatagal na panahon, hindi niya masisilayan ang mukha nito.

“Giselle, please don’t cry. Alam mong ayaw na ayaw ko na umiiyak ka nang ganyan,” narinig niyang sabi nito, ni hindi niya namalayan na lumuluha na pala siya. Hinaplos nito ang kanyang buhok and patted her head. Nagulat siya nang bigla siya nitong hilahin at yakapin. “I will definitely miss you, Giselle,

so don't be sad now. Gusto ko, palagi kang masaya kahit na hindi tayo palaging magkasama," bulong nito sa buhok niya.

She wanted to tell him how she felt, pero natatakot siya sa magiging reaction nito. Sa huli ay nanahimik na lang siya at hinayaang dumaloy ang luha mula sa kanyang mga mata.

"Tandaan mo lang, Will, kapag nakalimutan mo ako, hinding-hindi ka na makakatapak sa lupang ito," pagbabanta niya. Narinig niya ang mahinang pagtawa ng lalaki, napangiti na rin siya.

"Never! I will never forget my sweet, loving best friend." Hinalikan nito ang noo niya.

Huminga siya nang malalim upang patigilin ang mabilis na pagtibok ng kanyang puso. At sa mismong sandaling iyon ay alam niyang hihintayin niya ang pagbabalik ni William. Kahit gaano katagal, kahit alam niya na walang katugon ang pag-ibig niya para rito. Sa puso niya ay itatago niya ang pagtatangi sa kaibigan, hanggang sa panahon na handa na niyang isiwalat sa buong mundo kung gaano niya ito kamahal.

2

“Congrats!” tipid na bati sa kanya ni Giselle nang pumasok ito sa opisina kung saan sila nagtatrabaho bilang mga arkitekto. Ni wala man lang bahid ng sinseridad ang pagbati ng babae. Tumango na lamang si Cyrus at umusal ng pasasalamat dito. Tumuloy ito sa puwesto nito at nag-umpisang gumuhit. Siya naman ay mataman na napatingin sa dalaga.

Hindi niya masasabi na nagbago si Giselle sa loob ng walong taon na nakikita niya ito. The same almond-shaped eyes, small nose and candy lips, the only difference was that she became more womanly and confident. Sa suot nito ngayon na tight-fitting jeans at puting three-fourths na polo ay halatang-halata na hindi na ito isang teenager; she was all grown up. Pero kagaya pa rin ito ng dati, mainit ang dugo sa kanya.

Napabuntong-hininga si Cyrus, so much for even hoping that everything would be different between them since that fateful night. Hanggang ngayon ay nakaukit pa rin sa alaala niya ang gabing iyon. And everytime he remembered, the bittersweet emotion that he had kept deep inside his heart would flare

in full force that it took a thousand locks to keep his emotions intact.

Muli niyang pinagmasdan ang dalaga. He could tell that she was fuming, dahil ang planong ginawa niya ang na-approve ng boss nila. Talagang sinadya niyang galingan upang patunayan dito na may utak din siya.

Nang pareho silang natanggap sa kompanyang pinapasukan nila, ang unang pumasok sa kanyang isip ay huwag na lamang iyong tanggapin. Subalit kailangan niyang maging practical dahil magandang kompanya ang napasukan niya.

Para sa isang tulad niya na nag-uumpisa pa lamang sa kanyang career ay isang malaking oportunidad iyon. Kaya naisip niya na kung ayaw siya nitong makasama ay ito dapat ang umalis at maghanap ng ibang kompanya.

Ngayon nga ay halos limang taon na silang nagtatrabaho roon. At hanggang ngayon ay kontrabida pa rin ang tingin ng dalaga sa kanya. Tulad ngayon, parang nahuhulaan na niya ang naglalaro sa utak nito. Sigurado rin siyang pinapatay na siya ni Giselle sa imagination nito base na rin sa aura nito. Wala na talaga siyang ginawang tama, si William lang ang bida para rito. Nang maalala ang pinsan ay isang

ideya ang nabuo sa isip niya.

Nilapitan niya ang dalaga bitbit ang isang plano na ginuhit niya para sa sarili niyang bahay. Nakasimangot kaagad ito nang mag-angat ng tingin.

“Ano na naman? Magyayabang ka ba ulit dahil nanalo ka sa laban na ’to?” Mahina lamang ang tinig nito dahil ayaw nag-aaway sila sa harapan ng mga kasamahan nila. Subalit hindi na naitago ni Giselle ang inis. Siya naman ay nagulat sapagkat hindi niya inakala na nakikipagkompetensya pala ang dalaga sa kanya. Napailing na lang siya at hindi na ito pinatulan.

Inilapag niya ang plano ng bahay sa mesa nito. Nagtatanong ang mga mata nito sa kanya, sa isip niya ay nai-imagine na niya ang magiging reaksyon nito.

“Kasi tinawagan ako ni Will, nagpa-design siya ng bahay sa akin. Since best friend ka niya, I need your opinion kung ano pa ang p’wede kong idagdag,” paliwanag niya. Dinampot nito ang plano at masusing pinag-aralan, Pagkaraa’y bigla itong natigilan.

“Sandali, bakit sa ’yo siya nagpa-design?” Lalo itong nanggalaiti sa kanya, kulang na lang ay matupok siya ng apoy na ibinubuga ng mga mata nito. Napapalatak siya.

“Actually, naisip niya talaga na sa ’yo ’to ipagawa kaso pinigilan ko siya.” Tumigil siya upang makita sa mukha nito ang epekto ng sinabi niya. Mukhang nadagdagan ng ten degrees ang init na ibinubuga ng mga mata ng babae. “Magiging bias ka kasi, Giselle, sigurado akong -de-design mo ’yung bahay na para sa inyong dalawa. Kawawa naman ’yung reason kaya nagpapa-design ng bahay si Will.” Napangisi siya sa reaksyon nito, tila naguguluhan at hindi ma-absorb ang mga sinabi niya.

“Anong reason?” Nabahala bigla ang mukha ni Giselle; iyon ba ang hindi in-love sa pinsan niya? “Bakit walang naikukuwento si Will tungkol diyan? Kausap ko siya noong isang araw.”

Umikot si Cyrus at tumayo sa likuran ng kausap. Ipinatong niya ang mga kamay sa magkabilang balikat ng dalaga at yumukod nang bahagya hanggang sa malapit na ang bibig niya sa tainga nito. “Bakit ba nagpapagawa ng sariling bahay ang isang lalaki? Hindi ba kapag gusto na niyang lumagay sa tahimik?” bulong niya habang pilit binabalewala ang mabangong amoy ng leeg nito.

Napasinghap si Giselle sa sinabi niya, ni hindi maka-react. Tumayo siya nang tuwid at muling hinarap ang dalaga.

“Well, iiwan ko na muna sa ’yo ’yan. Puntahan mo na lang ako kapag may naisip ka na p’wedeng idagdag.” Iniwan niya ito na tulala pa rin sa mesa nito. Nakangiti siyang bumalik sa kanyang puwesto. Kompleto ang araw niya dahil nakaisa siya kay Giselle.

Nakauwi na si Giselle sa condo unit niya at nakahiga na sa kama ay naririnig pa rin niya ang sinabi sa kanya ni Cyrus kaninang umaga. Bumalikwas siya ng bangon at tiningnan ang plano na nasa tabi lang niya.

Kung siya ang magdidisenyo ng bahay ni William ay hindi magiging ganoon ang kalalabasan niyon. Sisiguruhin niya na maraming areas kung saan maaari silang mag-bonding na mag-anak. Magiging malaki rin ang kitchen dahil plano niyang busugin ang pamilya nila ng kanyang luto at pagmamahal. Napabuntong-hininga siya dahil kagaya nga ng sinabi ni Cyrus, magiging bias siya sa pagde-design dahil ang sarili niya ang nakikita niyang magiging ilaw ng tahanan sa naturang bahay.

Pero nagkakamali si Cyrus nang sabihin na dahil iyon sa pagmamahal niya kay William. Aaminin niya na malaking bahagi ng puso niya ay para sa lalaki pa

rin dahil wala pa siyang nakikilala na katulad nito. Pero malaking bahagi ng pagkatao niya ang nagbago simula noong umalis ito.

Ngunit bakit habang iginuguhit niya ang disenyo na nais niya ay may mumunting kirot siyang nararamdaman sa kanyang puso? Was it because she knew deep inside her heart that they were really not meant to be? Na ang mga bagay na nais niyang gawin kasama si William ay hindi na niya kailanman magagawa? Na mananatili na lamang talaga siya bilang kaibigan nito?

Napabuntong-hininga siya, she was thinking so hard again. Ang dapat niyang gawin ay ayusin ang pagde-design ng bahay para matuwa si Will. Nang sa ganoon, manatili man siyang kaibigan nito ay masasabi niya na may nai-contribute siya sa kaligayahan nito.

Kinabukasan sa opisina, lumapit siya sa puwesto ni Cyrus.

“O, ayan na ’yung plano; may mga changes akong ginawa ryan kasi napaka-masculine ng design mo.” Inilapag niya ang rolyo ng papel sa mesa ni Cyrus. Mukhang nagulat ito at ginawa nga niya ang ipinagagawa nito. Tiningnan ng lalaki ang na-revise na plano at binusisi iyon nang mabuti.

“Hmm... Hindi ka umiyak habang ginagawa ito?” tanong nito.

Pinanlakihan niya ito ng mga mata at patitikimin sana ng maaanghang na salita nang nag-ring ang cellphone niya. Excited na sinagot niya iyon nang makita kung sino ang caller.

“Hi, Will,” bati niya rito.

Mukhang napakasaya nga nito, at na-i-imagine na niyang katabi ng binata ang babaeng pakakasalan. Napahigpit ang hawak niya sa kanyang cellphone. Lumayo siya sa mga kasamahan sa trabaho upang hindi marinig ng mga ito ang usapan nila. Bago siya lumabas ng opisina ay hindi niya napigilan na tapunan ng tingin si Cyrus. Tila amused na amused ito sa kanya, at parang may kung anong dumaan sa mga mata nito bago ito nagyuko at ipinagpatuloy ang ginagawa.

“So, kumusta ka na? Nakuha mo ba iyong project na ikinukuwento mo sa akin?” excited na tanong nito sa kanya. Nakahinga siya nang maluwag nang hindi ang tungkol sa nalalapit nitong kasal ang topic nila. Ngayong kausap niya ito ay hindi niya maiwasan na makaramdam ng sakit.

“Hindi, eh, si Cyrus ang nakakuha. Mabuti nga

iyon mawawala siya sa office nang one week. Sa wakas, magkakaroon na rin ako ng peace of mind.” Natawa ito sa sinabi niya.

“Nakakatawa talaga kayo, siya rin kapag kausap ko ay nagrereklamo kung gaano raw kasama ang ugali mo. Bakit hindi na lang mag-resign ang isa sa inyo para walang away?” suhestyon nito.

Kumunot ang noo niya. Nasa isang magandang kompanya siya at marami ang nakaka-appreciate sa mga gawa niya roon, kaya ang Cyrus na iyon ang dapat na umalis.

“Anyway, I have a surprise for you, Giselle.” Hindi maitago ng tinig ni William ang excitement. Kinabahan siya dahil sigurado siya na ang tungkol sa kasal ang ibabalita nito. Napahawak siya sa kanyang dibdib, parang mabibiyak iyon. Tanggap na niya na hindi para sa kanya si William, pero masakit pa rin pala.

“Will, alam mo naman na ayaw ko ng mga surprises.” Nabasag ba ang tinig niya? Shit! Iiyak pa yata siya. Napansin niyang nakasilip si Cyrus sa pintuan, halatang nakikinig ito sa usapan nila ng pinsan nito. Wala talagang modo ang hinayupak! Tinapunan niya ito ng masamang tingin at lumayo nang ilang metro mula sa kinaroroonan nito.

“I’m sure you will like this one. Giselle, I’m going—”

“Sandali, utang na loob, huwag mo nang sabihin na ikakasal ka na. Alam ko na, ayaw ko lang marinig galing sa ’yo.” Nagulat siyang bigla at lumabas iyon sa bibig niya. Narinig niya ang pagtawa ng unggoy na pinsan nito sa pintuan. Nalito tuloy siya, ano ba ang nakakatawa?

“Sino’ng ikakasal? Kanino mo nabalitaan iyan?” litong tanong sa kanya ng kausap.

Nagulantang siya sa realisasyon. Naisahan na naman siya ni Cyrus! Tiyak na namumula ang mukha niya sa kahihyan. Tiningnan niya nang masama ang lalaking nakangising nakasilip sa pintuan, itinaas lamang nito ang dalawang kamay bago umeskapo.

“Wala, may lilitsunin akong unggoy mamaya. Ano nga iyong sasabihin mo?” Pigil na pigil niya ang sarili. Parang wala lang sa kausap ang outburst niya at dahil doon ay nakahinga siya nang maluwag. Baka kapag nakahalata ito sa lihim niya ay hindi na siya nito kausapin kahit kailan.

“I’m going home next month, Giselle,” anunsyo nito.

Saglit na natigilan siya at pagkatapos ay

nagsisigaw bigla sa sinabi nito. Uuwi na si Will! Makikita na niya ito sa wakas! Nag-usap pa sila nang ilang minuto bago ito nagpaalam. Matagal na nakatitig lamang siya sa kanyang cellphone hanggang sa maalala niya si Cyrus. Parang isang sundalong nagmartsa siya pabalik ng office nila. Humanda talaga ito dahil hindi niya mapapalampas ang ginawa nitong panloloko sa kanya.

Pigil na pigil ni Giselle ang sarili na awayin ang kontrabida niyang kababata dahil nasa loob pa sila ng opisina. Matatanda na sila at nakakahiya sa mga kasamahan nila kung magbabangayan sila na parang mga bata. Tiyak na masisira ang reputasyon niya kung gagawin niya iyon. Nang bumalik siya sa kanyang puwesto ay wala ang herodes sa mesa nito. Ibinuhos niya ang isip sa trabaho pero gaganti siya. Wala pang ginawa sa kanya si Cyrus na hindi niya ginantihan. Parang wala na itong alam gawin kundi ang kontrahin siya at inisin.

Bigo siya sa pag-iisip ng gagawin niya sa lalaki dahil sumapit na ang lunch break ay wala pa rin ito. Hindi na niya napigilan na magtanong sa isang kasamahan niya.

“Pinatawag ni Boss, pupuntahan daw nila iyong site ngayon dahil may mga revisions yata na

gagawin,” sagot nito.

Mukhang hindi nga niya magagawa ang kanyang binabalak na pagkompronta rito. Napaupo siya sa swivel chair at muling binalikan ang trabaho. Pero sa kasamaang-palad ay hindi siya makapag-concentrate, hanggang sa magsiuwi na ang mga kasamahan niya at siya na lang ang natira sa opisina.

Nitong nakalipas na mga taon ay hinayaan ng dalaga ang sarili na ibaon ang nararamdaman para kay William. She had decided that fateful night that she would try to live and be happy without him. Kung sila talaga ang para sa isa't isa ay darating din ang pagkakataon niya. She had learned to live with that thought. Naging masaya siya at nakontento sa kung ano na mayroon sila ng kaibigan niya.

But last night, Cyrus made her see all the dreams that she had long forgotten. It was like the walls that she had built to guard her heart crashed to the ground and left her vulnerable and hurting. Uuwi na si William, dapat ay maging masaya na siya, pero bakit ganito ang nararamdaman niya? Napahawak siya sa dibdib niya, ramdam niya ang malakas na tibok ng kanyang puso.

“Ano ba ang nangyayari sa akin? Bakit parang gusto kong umiyak?” Dinampot niya ang isang lapis

at nagsimulang gumuhit upang mapakalma ang sarili. “Kasalanan itong lahat ng hinayupak na unggoy na iyon! Ang dapat sa kanya ay litsunin nang buhay!” gigil na bulong niya habang patuloy na gumuguhit. Ang akala pa mandin niya ay magkakasundo na sila matapos maganap ang gabing iyon, subalit nagkamali siya dahil nanatili itong dakilang panggulo sa buhay niya.

“Huwag lang siyang magpapakita sa akin, kung hindi’y makakatikim talaga siya!” She was muttering and cursing him while imagining the things that she would like to do to him. Napangiti si Giselle, talagang gaganti siya. Hindi siya matatahimik buong buhay niya kung palalampasin niya ang ginawa nito sa kanya. “Susunugin ko talaga siya nang buhay! Ipapasalvage ko siya! Ipapakulam! Ipapabarang! Hanggang sa hindi na siya makapagsalita at makagawa pa ng kalokohan!”

“Talaga lang, ha?” anang baritonong tinig sa likuran niya. Napalingon siya, hindi niya napansin na hindi na pala siya nag-iisa sa loob ng opisina.

He was standing near the sliding door, with a serious glint on his eyes but an unholy grin on his lips. Bago pa siya naka-react ay nakalapit na ito sa kanya. Pinagkrus ni Cyrus ang dalawang braso sa dibdib nito

habang nakatitig sa kanya. Kinabahan siya.

Bigla nitong hinawakan ang kamay niya, hinila siya patayo, dinampot ang kanyang shoulder bag at pakaladkad na inilabas sa opisina. Huli na nang mapagtanto niyang naisakay na siya ng binata sa kotse nito.

3

Kanina pa siya nakamasid sa kalyeng dinadaan nila ni Cyrus. Traffic kaya mabagal ang usad ng sasakyan nila. Simula nang sapilitan siya nitong isakay sa kotse nito ay hindi na niya narinig pang nagsalita ang lalaki. Panaka-naka rin niya itong sinusulyapan dahil ang totoo ay natatakot na rin siya. Hindi ang tipo nito ang basta na lamang mananahimik sa isang sulok. Mas inaasahan pa nga niya na pagdidiskitahan siya nito.

“Do you really hate me that much?” basag ng lalaki sa katahimikan na namayani sa kanila.

Marahas na binalingan niya ito. Nasa daan pa rin ang mga mata ni Cyrus, subalit nakikita niya ang kaseryosohan sa ekspresyon nito, na para bang napakahalaga png magiging sagot niya.

Ang totoo ay kanina pa nagrerebolusyon ang damdamin niya subalit nunca na aamin siya. Hinding-hindi rin niya ipapakita na kinakabahan siya sa kung anumang tumatakbo sa isipan nito. Sa ganitong mga pagkakataon, isa lang ang alam niyang paraan, iyon ay ang itayo ang depensa niya laban dito.

“Sino ba ang may kasalanan kung bakit ganito

ako sa 'yo?" aniya, sabay irap. At ang hinayupak, nakuha pang ngumisi na tila ba inaasahan na nito iyon. Ang sarap burahin sa pagmumukha nito ang ngising iyon. Natigilan siya bigla nang mapansin na hindi na siya pamilyar sa daan na tinutumbok nila. Naguguluhan na napatingin siyang muli kay Cyrus.

“Sandali lang! Saan ba tayo pupunta?” tanong niya, ramdam na ramdam niya ang malakas na tibok ng kanyang puso. Nagalit ba talaga ito nang sobra dahil sa sinabi niya na ipapakulam at ipapa-salvage niya ito? Kahit na palagi silang nagbabangayan ay tiwala pa rin siya na hindi siya nito gagawan ng masama. Subalit paano kung talagang this time ay nainis na ito sa kanya nang husto? Pero siya ang dapat na magalit at hindi ang lalaki dahil siya ang biniktima nito.

“Hoy, Cyrus! Ano ba? Saan mo ba talaga ako dadalhin?” Narinig niyang medyo nabasag ang kanyang tinig nang magsalita. Nahalata kaya nito iyon?

“Palagay mo?” anito, sabay tapon sa kanya ng isang mapanuksong tingin. Nanlaki ang mga mata niya sa nais nitong ipakahulugan. “Huwag kang mag-aalala, pakakasalan naman kita,” dagdag pa nito. Hindi na niya napigilan ang sarili, hinampas niya ito

nang malakas sa balikat. “Ano ba, baka mabangga tayo!” anito subalit hindi niya ito tinigilan.

“Siraulo ka! Itigil mo ang kotse ngayon din at bababa ako! Kahit na ikaw pa ang pinakahuling lalaki sa mundo, hinding-hindi ako pakakasal sa 'yo!” Mangiyak-ngiyak na siya samantalang tila enjoy na enjoy lang ito sa nakikitang pagiging balisa niya. At ang masaklap pa ay ni hindi man lang ito natinag sa outburst niya. Mukha yatang desidido talaga ito sa balak gawin sa kanya.

“At isipin mo, p'wede kitang ireklamo ng rape kapag itinuloy mo ang balak mo,” pagbabanta pa niya.

“Impossible... dahil so far, wala pa namang nagreklamo ng ganyan sa akin.”

Pakiramdam niya ay namula ang kanyang mukha at nanlaki pa lalo ang mga mata niya sa mga sinabi nito. Ang yabang talaga! Tumigil ang sasakyan sa isang establishment at lalo siyang kinabahan nang makita kung ano ang gusaling iyon.

“Shit! Hindi mo ako mapapababa rito! Sisigaw ako, Cyrus! Maniwala ka, gagawin ko talaga iyon!” At hindi siya nagbibiro, there was no way she would enter a motel with this man. Bumaba ito at

ipinagbukas siya ng pinto.

“Baba na, huwag ka nang mag-inarte riyon. Huwag ka ring sisigaw dahil talagang hahalikan kita,” tiim-bagang na sabi nito.

Natameme naman siya sa huling sinabi nito. Dinig na dinig niya ang malakas na kabog ng kanyang puso. Paanong napunta siya sa sitwasyon na iyon?

“Binabawi ko na ’yung mga sinabi ko. Hindi na kita ipapakulam at ipapa-salvage. Kahit ano’ng gusto mo, susundin ko na. Huwag lang ito, please,” pagmakaawa ni Giselle. Sa pagkagulat niya ay tumawa nang malakas si Cyrus. Muli ay natameme siya dahil halos namimilipit na ito sa pagtawa.

“Tara na nga,” anito nang mahimasmasan. Kinuha nito ang isang kamay niya at inalalayan siya sa pagbaba.

“Teka, sandali...”

“Alam ko na hinding-hindi ka papasok riyon kasama ako. As if naman gusto ko talagang pumasok diyan na kasama ka.” Hinila siya nito at nagsimula na silang maglakad.

Magre-react pa sana siya pero mas minarapat na lamang niyang manahimik. Hindi nito binitawan

ang kamay niya. Hindi na rin niya tinangkang bawiin iyon at baka kung anong kalokohan ulit ang maisipan nitong gawin sa kanya. Kunsabagay, malayo ngang mangyari ang mga naisip niya dahil simula't sapul ay tila alam na nila ang role nila sa buhay ng isa't isa.

Humantong sila sa isang restaurant.

“Kumain ka na kaya, hindi na masarap ang noodles kapag malamig.” Isinubo nito ang noodles sa pamamagitan ng chopsticks at ganadong kumain.

Naiirita siya sa amusement sa mga mata nito habang nakatingin sa kanya, pero mas naiinis siya sa sarili dahil hinayaan niya na pagmukhain siyang tanga ng lalaking ito. Padaskol niyang dinampot ang chopsticks at sumubo ng noodles. In fairness, masarap iyon.

“Bakit ba kapag kasama mo ako ay nawawalan ka ng manners? Hindi ba itinuro sa 'yo na hindi dapat nagdadabog sa harapan ng pagkain?” panenermon ni Cyrus na para bang hindi nito alam ang dahilan ng pagdadabog niya.

Hindi niya ito inimik, ibinuhos na lamang niya sa pagkain ang lahat ng atensyon. Mahirap na at baka ibuhos niya ang laman ng bowl sa ulo ng kaharap kapag hindi siya kumalma.

“Aba, himala! Hindi sumagot ang prinsesa,” patuloy pang pang-iinis nito, mukhang walang balak na tantanan siya. Dumukwang pa ang unggoy sa mesa at inilapit ang mukha nito sa kanya. Naramdaman niya ang init ng hininga nito sa kanyang pisngi. Hindi na talaga ito nahiya sa mga taong kasabay nilang kumakain.

“Bakit ka ba nagagalit? Alam mo bang sa iyo ko lang itinuro ang kainan na ito? Kapag kasi gusto kong mapag-isa, dito ako nagpupunta at bubusugin ko ng ramen ang tiyan ko,” pagkukuwento nito.

Hindi niya ito pinansin, ni hindi siya nag-abala na sagutin ang tanong nito. Ano naman kung siya ang unang tao na dinala nito sa kainang iyon? Masarap nga ang ramen, pero hindi niya type ang kasama niya. Bigla itong lumayo at pinakatitigan siya habang nakangisi.

“Siguro nagagalit ka kasi hindi ko itinuloy ’yung sinasabi ko kanina, tama ba?” Halatang nang-iinis lamang ang binata, pero hindi niya napigilan na hindi ito patulan.

“Hanggang sa pangarap mo na lang mangyayari iyon,” mataray na sabi niya.

Imbis na magalit at ngumiti ito. “Ah, that’s more

like it. Mas gusto kong tinatarayan mo ako kaysa hindi mo ako pinapansin. Kumain ka na, hindi na ako hihirit at baka hindi ka pa matunawan diyan.” Nagpatuloy ito sa pagkain, siya naman ay ganoon din ang ginawa. Literal na galit-galit sila, sa huli ay nakaisa pa rin si Cyrus sa kanya.

“Will!” Patakbong sinalubong ni Giselle ang kaibigan paglabas na paglabas nito mula sa airport. Nagyakapan ang dalawa.

Kagaya ng dati, si Cyrus ay nagmamasid lamang sa nangyayaring eksena na puwedeng ipantapat sa mga Koreanovela sa telebisyon. Wala na sana siyang balak na sumama, pero mapilit ang mommy niya na samahan ang kanyang Tita Cory at Tito Efren sa pagsalubong sa kanyang pinsan. At siyempre pa, kailangan ng mga ito ng driver.

Hindi naman sa ayaw niyang makita si Will, umiiwas lamang siya sa mga tagpong kagaya ng nasasaksihan niya ngayon. Nangingilabot siya at parang gusto niyang masuka sa kakornihan ng dalawa.

Lumapit na si Giselle sa kanila kasama ang bagong dating. Humalik si Will at nagmano sa mga

elders bago lumapit, sabay tapik sa kanyang balikat. Isang tango lamang ang isinukli niya sa pinsan.

Sumakay na ang lahat sa van, at panay ang daldal ni Giselle sa pinsan niya. Nasa backseat ang dalawa at nakangiti sa isa't isa na parang mga tanga. Sinulyapan niya ang mga ito sa rearview mirror at nagtama ang mga paningin nila ni William. Mabilis na itinuon niya ang mga mata sa daan, hindi niya gusto ang paraan ng pagkakatitig ng pinsan sa kanya.

“Wala ka pa bang boyfriend, Giselle?” tanong nito sa kaibigan at parang nai-imagine na niya ang mukha ng dalaga. Tiyak ay itatago nito ang tunay na nararamdaman sa pamamagitan ng isang ngiti. “Naku, bulag yata ang mga lalaki sa Pilipinas at walang nakakapansin sa 'yo.”

“Di bulag ka din, 'Insan?” balik niya kay Will. Ano kaya ang isasagot nito?

“Hindi ako kasali, best friend niya ako, eh. Ikaw, 'Insan, imposibleng hindi mo napapansin kung gaano kaganda ang kaibigan ko. Balita ko palagi kayong magkasama, at magkatrabaho pa,” hirit nito. Bumalik bigla sa kanya ang tanong niya at hindi niya iyon napaghandaan.

“Ano ba kayo? Huwag n'yo ngang biruin nang

ganyan si Giselle at baka biglang umiyak iyan,” biro ni Tito Efren. Namula ang mukha ng dalaga.

“Ewan ko sa inyo. Sige, pagtulungan niyo lang ako.” Inirapan siya ng dalaga, pikon talaga. Bakit ba palagi na lang itong galit sa kanya? Hindi naman siya ang nag-umpisa ng panunukso rito. Tumawa ang pinsan niya sa inakto ng kaibigan.

Mayamaya pa ay tumatawa na silang lahat sa mga kuwento ni William. Nagbalik na ang prinsiphe, at may pakiramdam siya na kukunin na nito ang prinsesa. Nagulat si Cyrus dahil nahuli niyang tinatanong ang sarili kung ano ang gagawin niya.

“Wala pa ring pagbabago rito,” ani William sa kanya habang nakaupo sila sa picnic blanket na inilatag niya sa ilalim ng puno sa park kung saan sila noon madalas na naglalaro at nagkukuwentuhan.

Naisipan ni Giselle na mag-picnic na kasama ito nang makaluwag-luwag na ito mula sa mga bisita. Sinadya niyang mag-leave ng isang linggo para lamang makasama ang binata. Ayos na ayos talaga ang lahat dahil wala si Cyrus, nasa site ito para sa project na ibinigay ng kompanya nila. Ngayon siya nagpapasalamat na hindi sa kanya napunta ang

project na iyon dahil kung nagkataon ay wala rin siyang oras para kay William.

“Sinabi mo pa. Minsan, kapag stressed ako, pumupunta pa rin ako rito para lang mag-relax.”
At isipin ang mga panahon na kasama kita, aniya sa isipan. Nahuli niya ito na nakatitig sa kanya, nag-iwas tuloy siya ng tingin.

“Bakit?” atubiling tanong niya nang patuloy pa rin ito sa pagtitig sa kanya.

“I’m just wondering why you’re still single. I mean, twenty-six na tayo, pero wala akong nababalitaan na naging boyfriend mo o naging date mo. Bakit, Giselle?” Halatang curious ito sa status ng love life niya.

Paano ba niya sasagutin ang tanong na iyon? Matatanggap ba ng lalaki kapag sinabi niya na ito ang dahilan kung bakit single pa rin siya? Mukhang kontento na kasi si William sa pagiging magkaibigan nila. Kaya ba niyang sirain ang kung anuman na mayroon sila ngayon?

“Wala lang, hindi ko pa siguro nakikilala ang lalaki na para sa akin,” kubit-balikat na sagot niya. Dinampot niya ang kanyang baso na naglalaman ng iced tea at inisang lagok iyon.

“What do you think of Cyrus?”

Nasamid siya bigla sa tanong nito. Mabilis na hinagod nito ang likod niya hanggang sa tumigil siya sa pag-ubo. Bakit nasali ang hinayupak na iyon sa usapan?

“What about Cyrus? Alam mo kung ano ang tingin ko sa pinsan mong iyon,” naiinis na sabi niya. Mukhang irereto pa yata nito ang lalaking iyon sa kanya.

“I don’t know if you noticed this or what, pero iba ang chemistry ninyong dalawa ng pinsan ko. Alam mo iyon, it’s like sparks are flying everywhere, nakakapaso, actually,” paliwanag nito.

Napanganga siya sa narinig. Hindi niya matanggap iyon dahil sa pagkakaalam niya ay silang dalawa ni William ang may chemistry at hindi ang mahaderong pinsan nito.

“Kung anuman ang iniisip mo, William, imposibleng mangyari iyan. Ngayon pa lang ay tigilan mo na,” pagbabanta ng dalaga. Na-high blood siya bigla, isipin pa lamang si Cyrus. Kung magtapat kaya siya sa kausap at nang matigil na ito sa kung anumang binabalak?

“Okay, sige na, huwag ka nang magalit,”

napapailing na pang-aalo nito sa kanya.

Bumuntong-hininga siya upang mapakalma ang sarili.

“Kumain na nga lang tayo.” Nagsimula silang kumain at patuloy ang pagkukuwentuhan na tipikal na sa relasyon nila bilang magkaibigan.

Nagbalik sa isip niya ang sinabi nito, sila ni Cyrus, may chemistry? Siguro nga, dahil sa isang palabas, kung walang chemistry ang kontrabida at ang bida ay hindi papatok ang eksena. Natawa si Giselle sa naisip, ipinagpatuloy na lamang niya ang pagkain kaysa problemahin si Cyrus at ang role nito sa buhay niya.

“Insan, hanggang sa bahay ba naman nagtatrabaho ka?” Pumasok si William sa silid niya. Binitawan ni Cyrus ang hawak na lapis at tinanguan ito. Tumayo ito sa tapat ng isang estante at pinagmasdan ang mga larawan na naka-display roon. “Parang may kulang dito, wala ’yung picture natin nina Giselle noong debut niya.” Humarap si will sa kanya at mataman siyang pinagmasdan.

“Parang hindi ko gusto ang mga tingin mo na ganyan.” Ibinalik niya ang atensyon sa kanyang ginagawa. Kung may ayaw siya sa pinsan, ay ang

pagiging pakialamero nito. Siguradong may gusto itong malaman mula sa kanya, kaya bigla itong napasugod sa bahay nila.

“Bakit hindi mo niligawan si Giselle noong umalis ako?” derechahang tanong nito. Naputol ang lead ng lapis na gamit niya, hindi niya namalayang napadiin ang paghawak niya roon.

“Alam mo na ang sagot sa tanong mo.” Nagkibit-balikat siya at muling pinilit na makapag-concentrate sa trabaho.

“So okay lang sa ’yo na ligawan ko siya, ganoon?” Hinila ni Will ang isang stool at umupo sa tabi niya. Sumuko siya sa balak na pagtapos sa design na iyon at hinarap na ang pinsan.

“Bakit mo ako tinatanong ng ganyan? Hindi naman ako ang guardian niya.” Hindi niya alam kung ano ang kanyang hitsura habang sinasabi ang mga salitang iyon, subalit isa lang ang nararamdaman niya nang mga sandaling iyon. Mapait as in bitter. Dahil alam niyang kapag niligawan nga ni William si Giselle ay hindi magdadalawang-isip ang dalaga na sagutin ito.

Ngumisi ang kausap na animo ay tuwang-tuwa sa naririnig mula sa kanya. Tumayo ito at tinapik siya

sa balikat.

“May pag-asa ka pa, ’Insan. Don’t worry, wala akong balak na ligawan ang best friend ko,” anito at naniniwala siya rito. Nawala rin ang tensyon na nararamdaman niya mula pa kaninang buksan nito ang issue tungkol kay Giselle. Tinanguan na lamang niya ang pinsan. Muli ay tinapik nito ang balikat niya bago ito pasipul-sipol na lumabas ng silid niya. Napapailing na itinuloy na lamang niya ang kanyang trabaho.